

Ang Artista Sa Panahon Ng Tiktok, Vlog, at Madlang Kabulaanan

Nicanor G. Tiongson

Noong Agosto ng taong ito, bilang isang Manunuri, pinanood ko ang *Maid in Malacanang* sa Trinoma. Ang pelikula ay binubuo ng sampung kabanata, na nagsasalaysay sa kronolohiya ng mga naganap sa pamilya Marcos sa huling 72 oras bago sila inilipad palabas ng Maynila at ng Pilipinas noong Pebrero 25, 1986. Punto de bista ng isa sa tatlong katulong ang ginamit para ilahad ang mga umano'y "tunay na pangyayari" sa loob ng palasyo. Pagdating ni Imee mula sa Singapore, hinarap niya at ng pamilya ang mga problema: paubos na suplay ng pagkain, pagbaligtad ng mga heneral, opisyal, at sundalo ni Marcos, ang "mungkahi" ng US na umalis na si Marcos, ang pagmamatigas ng pangulo, ang mahabang pamamaalam ng pamilya sa mga staff, ang pagpasok ng mga rebelde sa Malakanyang. Ilang eksena ang tumatak sa aking isip. Sa una, kapwa nakahigang magkakarap sa kama sina Imelda at Bongbong (ang una naka-terno, ang pangalawa naka-combat uniform) habang malungkot na sinasabi ni Imelda na sila ni Ferdinand ang bumuo sa bansang ito, pero trinaydor sila ng mga ahas; gayunman, babalik sila sa bansang ito. Sa isa pang eksena, ipinaliwanag ni Marcos sa umiiyak na si Irene na pinagkaisahan siya ng kanyang mga kaaway, dahil siya'y kalaban ng mga elit, siya'y probinsiyano, at siya'y mahal ng masa. Sa isa pang eksena, nagpapasalamat ang mga katulong dahil napakabuti ng mga Marcos sa kanila, at dahil sa kabaitan ng pangulo ay naging payapa ang pag-aalsa sa EDSA.

Bilang mamamayan at guro na nabuhay sa panahon ng batas militar, bumaligtad ang aking sikmura at nagnngitngit ang aking kalooban sa lahat ng ipinakita ng pelikula. Ngunit naintindihan ko rin kung anong paraan ang ginawa ng direktor para bilhin ng walang-muwang na manonood ang mga kasinungalingang inilalako niya. Inihulma ang pelikula sa genre ng drama o melodrama, na laging nakatutok sa partikular na mga tauhan at kanilang personal na mga problema at ang tanging layon ay mahatak ang kanilang simpatiya sa mga eksena ng sagutan, paghihimutok, at higit sa lahat, iyakan.



Dahil nakatutok ang lente ng kamera sa loob lamang ng Malakanyang, natakpan, nabura, at na-etsapwera ang napakalaking mga pangyayari sa labas ng palasyo, partikular, sa EDSA kung saan daan-daang libong mamamayan mula sa iba-ibang lugar at sektor ang dumagsa at tumigil sa EDSA para ipagtanggol ang mga rebeldeng sundalo at patalsikin sa bansa ang diktador na mandarambong. Dahil inaantig ng drama ang damdamin ng manonood, hindi na makukuhang mag-isip pa ng odyens at magsuri kung totoo nga ba o hindi ang kanyang napapanood. Tagumpay ang ginawang manipulasyon sa mga manonood, tulad ng nangyari sa naunang dalawang pelikula na ginawa para sa eleksiyon ni Marcos – ang *Iginuhit ng Tadhana* noong 1965 at ang *Pinagbuklod ng Langit* noong 1969. Tanong ko sa sarili, “Paano tayo nagkaganito?” at “Bakit ito natatanggap ng maraming manonood?”

Tulad ng inaasahan, sumabog sa internet ang matinding balitaktakan tungkol sa pelikula, sa pagitan ng mga anti-Marcos na inatake ang obra bilang “historical revisionism at its finest” at ang mga Marcos Loyalist na todo salag at contra-atake sa lahat ng pumuna sa pelikulang prinodyus ni Imee. Hindi ko na sana pag-aaksayahan ng panahon ang ganitong sagutan, pero may napansin ako na nagbigay sa akin ng kaunting ligalig. Kapag naglalahad ang mga anti-Marcos ng mga argumento na may mga datos para pabulaanan ang pinalalaganap na kasinungalingan ng isang loyalist, malamang sa hindi, lalo na kung nasusukol na siya, bigla na lamang ibubulalas ng loyalista, “O, di ikaw na ang marunong.” Nabagabag ako ng tudyong ito, pagkat dinalirot nito ang sa palagay ko ay tunay na sanhi ng maiinit na labanang nagaganap ngayon sa midya, lalo sa sa internet, sa pagitan ng mga trolls at kanilang alipuris at ng mga netizen na may kritikal na pag-iisip. Sa wari ko, ang gayong alitan ay mauugat sa napakalaki nang guwang sa pagitan ng mga taong edukado, na karamiha’y nasa gitna at mas mataas na uri, at mga kapwa nila Pilipino na hindi nakapag-aral o mababa ang pinag-aralan dahil walang pantustos ang pamilya. Bagaman hindi ko sinasabing ito ay awtomatiko, ang nakapag-aral madalas ang may kakakayahang magsuri sa mga isyu ng lipunan sa isang siyentipikong paraan, samantalang ang hindi nakatuntong sa paaralan o kaunti lamang ang napag-aralan ang karaniwan ay nahihirapang magsuri sa mga kasinungalingang pilit isinasaksak sa kanilang mga utak, kaya naman madali ring madala ng panlalansi ng pulitiko, ng mga palabas at pakain sa panahon ng eleksiyon, mga pangako ng ginto at gintong panahon na babalik, kaunti o malaking pabuya sa araw mismo ng eleksiyon, at

higit sa lahat, ng mga boherong sigbin ng internet. Natural hindi natin nilalahat, pagkat may mga edukado sa Ingles o Filipino at intelektuwal pa nga na maaring ipagbili ang kanilang prinsipyo sa tamang halaga, samantalang may mga di-nakapag-aral naman na natutong magsuri at manindigan sa tulong ng mga mulat na lider ng mga organisasyong pangmasa. Ngunit tila sa pangkalahatan ay gayon nga ang lumalabas na batayan ng nangyayaring paghahati, na tila siya ring umiral noong nakaraang eleksiyon. Kung ganoon, malaki at malala na nga pala ang sitwasyon ng bansa.

Pero ano at saan nagmula ang pagkakahating ito? Sa Siglo 19 nang yumaman ang gitnang-uri sa komersiyong dulot ng pagbubukas ng Pilipinas sa kalakalang pandaigdig, nagkaroon na ng pagkakataon na mag-aral ang maykayang mga mestizo at indio sa mga kolehiyo o unibersidad sa Maynila at mga sentrong tulad ng Cebu, Iloilo, at Vigan. Sa mga paaralang ito, ang sistema at kurikulum ay gagad sa umiiral na edukasyong klasiko sa Espanya, kaya Espanyol din ang ginamit na wika sa pagtuturo at pakikipagtalastasan. Dahil ang ganitong edukasyon ay para sa mayaman lamang, ang karaniwang indio at katutubo ay nagkasiya na lamang sa pagbasa, pagkuwenta, at pagsulat na itinuturo sa mga lokal na paaralan, kung meron man nito. Nagkaroon ng paghahati sa pagitan ng mga hispanisadong ilustrado na karamiha'y maykaya at ng mayorya ng karaniwang mamamayan na hikahos at walang gaanong natamong edukasyon. Sa aking paningin, sa ganitong sitwasyon nabuo ang paghahating tinukoy ni Zeus Salazar sa pagitan ng Kulturang Nasyunal ng mga ilustradong tulad nina Rizal at ang Kalinangang Bayan ng karaniwang mamamayan. Ang pagkakaiba ng ilustrado at ng binabansagan nilang tao o indio ang paksa ng popular at satirikal na balada ng Bangkero at Batsilyer.

Sa panahon ng Amerikano, inobliga ang lahat ng bata, lalaki man o babae, na mag-aral sa mga paaralang elementarya ngunit karaniwa'y nakaaangat din lang ang nakatuloy sa hayskul, at lalo na sa kolehiyo o unibersidad. Sa mga paaralang ito, ang sistema ng edukasyon, kurikulum, at mga teksbuk ay Anglo-Amerikano at sabihin pa ba, ang wika ng akademya ay Ingles. Lalo pang umigting ang Amerikanisasyon ng mga edukado at nakaririwasa sa pagpasok ng mga pelikula, magasin, libro, kagamitan at modang Amerikano. Samantala, nanatili ang mga karaniwang mamamayan sa mga bayan-bayan sa tradisyunal na kulturang hispanisado at ang mga nasa liblib na baryo sa matandang

kalinangang bayan. Bihira ang taga-probinsiya na marunong mag-Ingles o nakaiintindi ng Ingles. Lalo pang lumaki ang hati sa pagitan ng mga aral at di-aral.

Pagkatapos ng giyera, sa kabila ng independensiyang ibinigay ng Amerika, sistema pa rin ng edukasyong Anglo-Amerikano ang umiral at naging pamantayan ng mabuting edukasyon, kasama na ang paggamit muli ng wikang Ingles, hindi lamang sa akademya kundi sa mundo ng komersiyo kung saan umiral pa rin ang mga korporasyong multi-nasyunal ng US. Lalo pang namayagpag ang kulturang Amerikano sa radyo, telebisyon, pelikula, at print media, samantalang ang mga karaniwang mamamayan sa lungsod man o lalawigan ay patuloy na gumamit ng katutubong mga wika, kahit Amerikanisado pa rin ang sistema ng edukasyon at mas lumaganap na ang impluwensiya ng US sa pamumuhay ng mga ito. Ang pagpapalaganap ng kulturang Amerikano ay sadyang itinaguyod at pinalakas ng Amerika sa mga dekada pagkatapos ng giyera para lalong matali ang Pilipinas sa Amerika sa panahon ng Cold War.

Simula ng mga taong 1965, nagsimula ang kilusan para sa Pilipinisasyon ng ekonomiya, gobyerno, kultura, at edukasyon, at isinulong ang paggamit ng Wikang Pambansa, na lalo pang lumakas nang naging wika ito ng mga popular na magasin at peryodiko, bukod pa sa radyo, telebisyon, at pelikula. Tila unti-unti nang mapapaliit o maaalis ang hati sa pagitan ng mga edukado sa Ingles at ang karaniwang mamayang ang alam lamang ay katutubong wika. Ngunit sa pagbagsak ng batas militar at dahil kailangan ng diktadura ang mga limos ng Washington, nagpatuloy ang sistema ng edukasyong Anglo-Amerikano at ang pamamayani ng Ingles sa akademya at pamahalaan. Samantala, lalong bumaba ang kalidad ng edukasyon sa mga publikong paaralan dahil sa pagpapabaya ng iba-ibang administrasyon sa edukasyon, at maraming kabataan ang di na nakapag-aral dahil sa kahirapan. Naging guwang na nga ang hati sa pagitan ng edukadong bihasa sa Ingles at kulturang Kanluranin at mga karaniwang mamamayan sa lungsod o lalawigan na di nakatuntong man lang sa paaralan at nababad na lamang sa mga popular na babasahin, pelikula, radio, at telebisyon sa bernakular na ang pangunahing layunin ay magbigay ng eskapistang aliw.

Ang mayoryang ito ng mga mamamayang hindi nagkaroon ng pagkakataong mag-aral at makabasa ng mga aklat o kumuha ng mga asignaturang gumagamit ng siyentipiko at sistematikong pagsusuri ng mga isyung panlipunan ang siyang pinagsamantalahan at nahulog sa kamay ng mga trolls sa panahon ng nakaraang administrasyon. Dahil sa sigasig ng mga vloggers at populistang imahe ng pangulo, napapaniwala ang masang ito na 1) tama lang na gumamit ng EJK sa drug war, 2) okey lang ang gamitin ang batas bilang sandatang pantugis sa mga kaaway ng pangulo sa pulitika at mga taong-midya na pumupuna sa kanyang pananakot at pandarahas, at 3) higit sa lahat, na ang panahon ng diktadurang Marcos ay gintong panahon ng kasaganaan sa Pilipinas. Dahil sa matagumpay na paggamit ng trolls ng dating administrasyon, ang mga ito rin ang ginamit ng kasalukuyang pangulo para makuha niya ang boto ng mayorya ng mamamayang walang gaanong kakayahang magsuri ng mga isyu at napapadala na lamang sa mga pangako, popularidad, at pabuya ng kumakandidato.

Walang magaganap na tunay na pagbabago sa lipunan kung mananatili ang guwang sa pagitan ng nag-aral-maykaya at di-nag-aral-mahirap. Kaya naman noong dekada 1880, sinikap ni Marcelo del Pilar na maabot at maimulat niya ang kaniyang mga kababayang Tagalog na isulong ang mga reporma para mapaalis sa mga parokya ang mga salot na prayle at marendahan ang abusadong mga guwardiya sibil. Pinamatnugutan niya ang kauna-unahang pahayagan ng reporma sa katutubong wika, ang *Diariong Tagalog*, noong 1882, at sa pagitan ng 1882 hanggang tumakas siya papuntang Espanya noong 1888, naipalimbag at naipamudmod niya ang mga obrang anti-prayle: ang *Dasalan at Tocsohan*, ang *Duplo*, at ang *Pasiong Dapat Ipag-alab ng Taong Baba sa Kalupitan ng Prayle*.

Sa panahon ng rebolusyon, sinulat nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto ang kanilang mga tula sa wikang katutubo at sa anyo ng plosa, ang palatugmaang ginamit ng *Florante at Laura* na kilala ng karaniwang tao. Sa wika ring ito lumikha sila kapwa ng dekalogong tulad ng orihinal na Sampung Utos, upang maparating sa nakararaming kababayan ang mga adhikain ng himagsikan at ang mga tuntuning dapat sundin ng bawat mandirigma upang maipagtanggol ang mahina at inaapi at mapuksa ang mga nang-aapi. Nagsulat sila ng mga sanaysay sa Tagalog na nagpapaliwanag sa konsepto ng Kalayaan at ng mga karapatang pantao, mga konseptong nagmula sa Ilustracion Francesa o

French Enlightenment ngunit iniugnay nila, ayon kay Virgilio Almario, sa mga dalumat at tradisyon ng panitikang bayan. Tulad ni Del Pilar na nagsalin sa Tagalog ng *Amor Patrio* ni Rizal, isinalin ni Bonifacio ang *Mi Ultimo Adios* para maunawaan ng karaniwang Pilipino at magawang awit ng mga Katipunero.

Sa panahon ng Amerikano at dahil sa bugso ng nasyunalismo na galing sa panahon ng himagsikan, napayaman ang kalinangang bayan nang magsulat sa Tagalog ang nangungunang intelektuwal na may makabayang oryentasyon – mga makata, mananaysay, nobelista, kuwentista, at kritikong tulad nina Severino Reyes, Lope K Santos, Patricio Mariano, Julian Cruz Balmaseda, Faustino Aguilar, at iba pang kasapi ng Samahan ng mga Mananagalog, ng Aklatang Bayan, at pagkatapos, ng Ilaw at Panitik. Ngunit pagdating ng dekada 1920, namayani na ang panitikan sa Ingles at ang mga manunulat na tulad nina Jose Garcia Villa at Salvador Lopez. Unti-unti, gumaan ang nilalaman ng mga akdang panitikan sa Tagalog at nahirati ang maraming manunulat sa paglikha ng mga nobela at kuwento sa mga popular na magasin. Naging segunda manong wika ang Tagalog at iba pang bernakular sa pananaw ng mga manunulat sa Ingles at ng akademya.

Nagpatuloy at lumala pa ang sitwasyon pagkatapos ng digmaan. Sa dekada 1950 hanggang 1970, Ingles pa rin ang kinilalang tanging lehitimong wika ng panitikan, edukasyon, at kultura, lalo na't marami sa mga manunulat sa Tagalog, dala marahil ng pangangailangan, ay nagtrabaho at nagsulat na rin sa mga magasing pangmasa at pati sa komiks na rin. Nagbago pansamantala ang hangin nang lumabas ang kilusang makabayan at nagkaisa ang mga progresibong sektor ng lipunan na isulong ang paggamit ng wika ng nakararami sa mga edukasyon at sining. Sa transisyon, sinimulan nina Rolando Tinio at ng PETA ang pagsasalin sa mga klasikong dula ng Europa at Amerika. Di nagtagal at nakilala na rin ang orihinal at mahuhusay na akda ng mga manunulat sa Filipino. Unti-unti nawala ang bahid ng prehuwisyo sa mga akda sa Filipino, at pagkatapos, sa ibang rehiyunal na wika. Ngunit di nagtagal, at bumalik na naman ang pamamayani ng edukasyong maka-Kanluranin at ang wikang banyaga sa kabila ng mga pagpupunyaging ito, una, dahil urong-sulong ang gobyerno sa pagpapatupad ng palisi ng bilingguwalismo at sistematikong pagpapa-unlad ng Filipino sa lahat ng antas ng paaralan; pangalawa, dahil patuloy ang paggamit ng Ingles sa mga opisyal na gawain o aktibidades sa lahat ng sangay ng

pamahalaan at maging sa kalakalan; at, pangatlo, dahil sa makitid na rehiyunalismo ng ilang mga grupong etnolingguwistiko na di nakikita ang halaga ng isang lingua franca na mag-uugnay sa lahat ng rehiyon at makakatulong para mabigkis tayong lahat bilang isang bansa.

Ngunit malinaw na hindi na dapat manatili ang paghahating ito na sumisira sa pagkakaisa ng bansa at maaaring magluwal ng karahasan sa kinabukasan. Mula noong 2016 hanggang ngayon, saksi tayong lahat kung gaano kabagsik ang mga bayarang trolls sa pag-alipusta sa sinumang pumuna sa kanilang panginoon, kung gaano kabilis nilang ipagtanggol o pagtakpan ang nakawan sa mga ahensiya ng gobyerno, at kung gaano nila kadalang palabuin, baligtarin, o burahin ang mga tunay na pangyayari. Kung hindi masasaway ang paggawa at pagpapalaganap ng mga kasinungalingan at hindi magkakasundo ang lahat kung ano ang totoo at hindi totoo, walang magiging batayan ang anumang gagawing pagkilos ng pamahalaan at ng pribadong sektor, hindi matutukoy ang sakit ng bayan at walang lunas na maimumungkahi para pagalingin ito, walang magiging batayan ang anumang usapan o kasunduan, at walang matatag na tatayuan ang demokrasya.

Salamat at marami na rin ngayon ang mga vloggers at lehitimong journalist na pumasok sa vlogging, tulad ni Mr. Shooli at Christian Esguerra, na sistematiko at matapang na sinasagot ang mga maling paratang at balita at di natatakot tumalakay sa mga anomalyang nagaganap sa mga opisina at institusyon ng gobyerno. Sana'y dumami pa ang ganitong vloggers na may integridad at tapang, dahil sa internet mahalaga ang bilang para lumakas ang presensiya ng mga mandirigma ng katotohanan. Gayunman, hindi sapat ang ganitong pagsagot lamang para masugpo ang panlilinlang ng mga trolls dahil hindi naman talaga makapanlilinlang ang mga ito kung hindi kakagat ang karaniwang mamamayan. Sa pangmatagalang pananaw, kailangan ang malawakan, puspusan, at walang humpay na programa para gisingin at palakasin ang kakayahan ng taumbayan na magsuri ng mga isyu sa isang siyentipiko at kritikal na paraan.

Kung gayon, ano ang ating magagawa bilang manunulat at artista para maipatupad ang programa ng pagmumulat?

Una at higit sa lahat, sadyang siyasatin at paksain natin ang mga aktuwal na pangyayari o isyu na binabaluktot o itinatago, pinagaganda o pinasasama ng mga kampon ng kadiliman. Para pabulaanan ang

matatawag nating “Big Lie” sa Pilipinas, na ang panahon ni Marcos Sr. ay gintong panahon ng kapayapaan, nilikha ang dulang *Anak Datu*, na nagsiwalat sa unang pagkakataon sa dalawang masaker ng mga Muslim na naganap sa pamamahala ni Marcos Sr. – ang Jabidah Masaker sa Corregidor noong 1968, na pumuksa sa mga traineeng Muslim na gagamitin sana sa pagsalakay sa Sabah, at ang Palimbang Masaker sa Sultan Kudarat noong 1974, kung saan inipon umano ng mga militar ang 1,500 lalaking Muslim na sibilyan sa isang moske bago sila tinadtad ng bala. Sinunog din ang 300 bahay at dinitene ang 3,000 babae at mga bata, at ang mga babae’y ginahasa. (Gorecho, 2022) Para sagutin ang kabulaanang pinagkakalat ng mga Marcos at kaalyado nila na walang tinortyur sa panahon ng martial law, inilabas noong 2016 ang pelikulang *ML* tungkol sa isang dating Metrocom officer na tinortyur ang tatlong kabataang napagkamalan niyang rebelde, pagkat akala niya ay panahon pa ng martial law; at ang dulang *Indigo Child* noong 2017, tungkol sa isang babaeng aktibista na nawalan ng alaala dahil sa ginawang pagkoryente at paggahasa sa kanya matapos siyang mahuli ng mga sundalo sa panahon ng batas militar. At sa paglalahad natin ng mga karanasang ito, tiyakin natin na ang ating isinasalaysay, bagaman fiction, ay hango sa maingat at malalim na pananaliksik, at laging ginagabayan ng kamalayang Pilipino na maka-TAO, na nagsasanggalang at nagtataguyod ng mga batayang karapatang pantao ng bawat Pilipino.

Pangalawa, para maabot natin ang pinakamalawak at pinakamaraming saray ng lipunan, gamitin natin ang lahat at alinmang wika na higit na mauunawaan ng babasa o manonood sa ating akda. Marahil ang wikang ito ay Ingles para sa gitnang uri at mayayaman na edukado at urbanisado; o Cebuano, Ilocano, Ilonggo, Waray, Bicol o Pangasinan na lingua franca sa iba’t ibang rehiyon; o Wikang Pambansa o Filipino sa NCR at iba pang mga sentro ng sangkapuluan na nararating ng mass media mula sa Maynila. Ito’y sapagkat hindi natin mahihintay na maging bihasa muna ang isang artista o manunulat sa wikang Filipino bago niya isulat ang kanyang akda na may mahalagang ambag sa pulitasyon ng mga Pilipino. Isipin na lamang kung hinintay pa nating maging bihasa sa wikang Filipino si Renato Constantino bago niya isulat ang *The Philippines: A Past Revisited* at *Philippines: The Continuing Past*. Naantala marahil o hindi na naganap ang konsiyentisasyon ng maraming henerasyon ng progresibong artista, intelektuwal, guro, estudyante, iskolar, at karaniwang mamamayan. Kung lumabas man ang isang

mahalagang akdang pampanitikan na nasusulat sa Ingles, Cebuano, Ilocano o iba pang wika maliban sa Filipino, tiyakin na lamang natin na maisalin agad ang akdang ito sa Wikang Pambansa, tulad ng nangyari sa mga libro nina Constantino at Agoncillo. Sa gayong pagsasalin, maipararating natin ito sa higit na maraming kababayan, kasama na ang karaniwang tao na nais nating mabuksan ang pag-iisip at matutong maging analitikal. At bilang bonus, mapapayaman at mapapalakas pa natin ang default na wikang nag-uugnay sa ating lahat.

Pangatlo, buhayin natin o bigyan ng bagong buhay ang mga tradisyunal na anyo ng panitikan na pamilyar na at kinagigiliwan ng karaniwang Pilipino. Tulad ng naipakita na, gumamit sina Del Pilar at Bonifacio ng mga anyo ng panitikang bayan para ipahayag ang kanilang mensaheng pulitikal. Sa panahon ng Amerikano at hanggang sa dekada 1970, ang anyo ng pasyon din ang ginamit ng ilang manunulat para maiparating ang kanilang mga mapagpalayang mensahe: si Joaquin Manibo, para punahin ang palakad ng kolonyal na pamahalaan ng US sa Pilipinas at mga kaalyado nilang pulitikong Pilipino; si Lino Dizon, para ipakita na si Kristo ay sosyalista at laban sa piyudal na mga kasikeng nagpapahirap sa mga magsasaka; at si Soc Rodrigo para ibunyag ang kahirapang dulot sa bayan ng paghahari ni Marcos Sr. Sa telebisyon, maaalala ang naging transpormasyon ng sitcom sa programang *Kuwentong Kutsero* noong dekada 1950 at *Abangan ang Susunod na Kabanata* pagkatapos ng 1986, at sa telenovela mula 2000 sa mga seryeng naglahad ng mga isyung pampulitika na kinaharap ng isang progresibong mayor (*Bayan Ko*) at guro (*Titser*). Sa pelikula, ginamit ni Lino Brocka ang genre ng melodrama para tukuyin ang pagsikil sa mga manggagawa ng may-ari ng pabrika sa panahon ng martial law (*Kapit sa Patalim: Bayan Ko*) at ang pang-aabuso sa masa ng mga vigilante na katulong ng militar sa pagsugpo sa mga rebeldeng NPA (*Orapronobis*). At noong unang linggo lamang ng buwang ito, pinalabas ang isa na sa pinakamatalisik at pinakamasining na pelikulang Pilipino, ang *On the Job: The Missing 8*, na gumamit ng genre ng action film at political thriller para ihayag kung paano binabayaran ng mga pulitiko ang mga bilanggo sa BuCor para patayin ang mga journalist na naglalabas ng mga expose tungkol sa kanilang korupsiyon. Walang duda na ang mga tradisyunal na genre ng panitikan at ibang sining na tanggap na ng masang manonood ang mabisang tagapagmulat sa kanila, kung ang mga ito'y mabibigyan natin ng bago at napapanahong nilalaman at mapanuri at mapagpalayang pananaw.

Pang-apat, tuklasin at pagyamanin pang lalo ang mga umuusbong na bagong anyo ng panitikan na kinagigiliwan ng kabataan at komunidad ng internet ngayon. Alam nating lahat na ang mga anyo ng sining ay nadadagdagan, nababawasan, o nag-iiba-iba sa pagdaan ng panahon bilang tugon sa pangangailangan ng taumbayan sa bawat kabanata ng ating nakaraan. Sa ating kasaysayan, nagsimula ang ating panitikan sa tradisyong pabigkas o oral sa mga katutubong komunidad, at saka pa lamang nadagdagan ng mga anyong Europeong nakasulat sa panahon ng Kastila (awit at korido, sanaysay, ejemplum, nobela, at kuwento) at Anglo-Amerikano sa panahon ng Amerikano (tula, dula, sanaysay, maikling kuwento, nobela). Sa nakaraang dalawang dekada, nagsanga muli ang ating panitikan at nagbunga ng mga anyong iniluwal ng mga bagong teknolohiya at /o nakikipag-ugnayan, nakikipaglaro sa mga kapatid na sining. Kasama na rito ang performance art, ang spoken word at rap, ang flip top o balagtasang rap, ang textula, tiktok, watsapp novels, graphic novels, dula sa internet, at iba pa. Sa mga anyong ito naipapahayag o maaring ipahayag ng mga artista ang kanilang kuro-kuro tungkol sa mga makabuluhang isyu sa lipunan.

Nakatutuwang isipin na mula pa noong 1950 nang ito'y itatag hanggang sa kasalukuyan ay itinaguyod ng Palanca awards at kinilala bilang anyo ng “lehitimong panitikan” sa iba’t ibang panahon ang sumusunod: sa mga unang taon, ang mga genre ng Kanluraning panitikan (tula, dula, maikling kuwento, sanaysay, nobela), sa Ingles, at pagkatapos sa wikang Filipino, at, nitong mga huling dekada, sa ilang mga rehiyunal na wika. Kinilala rin ng pamunuan ng Palanca ang pagpasok o pagsasanga ng akdang panitikan sa ibang midya—partikular, sa panitikang pambata at futuristic fiction, sa pelikula at telebisyon. Marahil ay maaari na ring pag-isipan ng Palanca, sa tulong ng mga bihasa sa mga larangang ito, ang pagkilala sa pinakabagong mga anyong hybrid, sapagkat napatunayan na ng mga mahusay na artistang gumamit sa ilan sa mga anyong ito na maaaring maging tagahatid ang mga ito, sa isang masining na paraan, ng tunay at makabuluhang karanasan sa mas malawak na manonood, lalo na sa mga kabataan.

Panlima, gamitin natin hindi lamang ang ating abilidad bilang artista at manunulat, kundi ang iba pa nating talento: una, bilang guro

at administrador akademiko para humubog ng mga estudyanteng nakauunawa sa siyentipikong paraan ng pagsusuri at kritikal na dulog sa mga bagay-bagay; pangalawa, bilang lektiyurer, resource person, at koordineytor ng mga worksyap sa panitikan at mga sining para tulungan ang mga kapwa guro o mga manggagawang pangkultura kung paano ituturo ang panitikan bilang akdang sining, bilang produktong hinubog ng kanyang panahon at lipunan, at bilang catalyst para sa tunay na pagbabago sa lipunan; pangatlo, bilang kasapi o pinuno ng mga organisasyon, propesyunal man o hindi, na maaaring manindigan laban sa mga katiwalian at polisiyang nakapipinsala o nagpapabigat sa kabuhayan ng taumbayan; at panlima, bilang miyembro o puno ng pamilya para magpalaki ng mga kabataan na may sarili at kritikal na pag-iisip, lakas ng loob para manindigan, at paggalang sa katotohanan at kapwa tao.

Mga kapatid sa panitik, hindi ito panahon ng pananahimik o pag-iwas o pagwawalang-bahala. Hindi ba't ang ating pananahimik pagkatapos ng EDSA Revolt ang sinamantala ng mga kaaway ng bayan para malamuyot ang maraming kababayan at makabalik sila sa kapangyarihan. Sa ating panahon, kung hindi masasawata ang walang-pakundangang pagyurak at pagwasak sa katotohanan at mananatiling biktima at bilanggo ng kasinungalingan ang mayorya ng ating mga mamamayan, lalong mahahati ang bayan, dadagundong ang lalo pang mabalasik at walang-katapusang alitan at iringan, mapapabayaang kabuhayan, at lalala pang lalo ang kahirapan, hanggang maubos ang pagtitimpi at sumabog ang karahasan.

Bilang mga artista at manunulat na alagad ng katotohanan sa panahon ng mga bulaan, lumikha tayo ng mga likhang-sining na di matatakot na magbunyag ng katiwalian at sumalungat sa pagmamalabis ng may kapangyarihan. Tandaan na ang mga akda natin ay makatutulong para mapalaya ng ating mga kababayan ang kanilang sarili sa bakal na kamay ng mga kawal ng kasinungalingan. At sa kanilang paglaya, unti-unting maglalaho ang guwang ng kamangmangan na naghahati sa atin at ating mga kapatid at sama-sama nating mabubuo ang gintong lipunan ng pakikipagkapwa sa tinubuang lupa.

Sa pagwawakas, pakinggan natin sandali ang tinig ng isang dakilang artista at mandirigma ng bayan, na ating ginugunita ngayon sa araw ng kanyang kapanganakan. Tila sinulat ang mga linyang ito para sa atin ngayon:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Banal na pag-ibig! Pag ikaw ang nukal
Sa tapat na puso ng sino't alinman,
Imbi't taong gubat, maralita't mangmang,
Nagiging dakila at iginagalang.

Pagpupuring lubos ang palaging hangad
Sa bayan ng taong may dangal na ingat;
Umawit, tumula, kumatha't sumulat,
Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
Ng may pusong mahal sa Bayang nagkukupkop:
Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod
Buhay may abuting magkalagot-lagot.

Paunawa: Ang talumpating ito ay binasa ng awtor bilang guest speaker sa gabi ng pagkilala ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature na ginanap sa Makati City noong Nobyembre 30, 2022.

HINGGIL SA MAY AKDA:

Si **Dr. NICANOR G. TIONGSON** ay iskolar ng Teatro, manunuri ng pelikula, at mandudula. Siya ay propesor emeritus at dating dekanong ng College of Mass Communication, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagsilbi rin siyang bise-presidente at artistic director ng CCP noong 1986-1994. Siya ang punong editor ng *CCP Encyclopedia of Philippine Art* (1994, 2017, at 2020). Editor din siya ng apat na bolyum ng *The Urian Anthology* ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino. Ilan sa kanyang mga nalathalang libro ang *Sinakulo, Komedyang, The Women of Malolos, Salvador F. Bernal: Designing the Stage, at The Cinema of Manuel Conde*. Siya rin ang may-akda ng mga dulang *Pilipinas Circa 1907, Basilica ng Malolos, Noli at Fili Dekada 2000, Labaw Donggon: Banog ng Sanlibutan, Mabining Mandirigma*, at *Aurelio Sedisyoso*. Naging *visiting professor* siya sa University of California Berkeley at University of Hawaii at Manoa. Ilan sa mga natamo niyang parangal ang Manila Critics Circle awards, Gawad Tsanselor ng UP Diliman, Gawad CCP para sa Sining, CCP Centennial Honors for the Arts, Gawad Tanglaw ng Lahi (Ateneo), Grant Goodman prize, at Philstage Gawad Buhay.